# Ang Payo ng Panginoon sa mga Misyonero sa Doktrina at mga Tipan 30–36

Pag-aralan ang payo ng Tagapagligtas sa mga taong nakalista sa ibaba, at talakayin ang mga sumusunod na tanong.

Doktrina at mga Tipan 31:1–5 (Thomas B. Marsh)

- Ano ang ilang katotohanan mula sa mga talatang ito na makatutulong sa iyo na maunawaan kung bakit iniuutos sa atin ng Tagapagligtas na ibahagi ang Kanyang ebanghelyo?
- Sa iyong palagay, bakit tinukoy ni Jesucristo ang Kanyang ebanghelyo bilang "mabubuting balita ng dakilang kagalakan"? (talata 3). Paano nagbibigay sa iyo ng kagalakan ang ebanghelyo ng Tagapagligtas?

Doktrina at mga Tipan 33:1–7, 10–12 (Ezra Thayer at Northrop Sweet)

- Ano ang ilang katotohanan mula sa mga talatang ito na makatutulong sa iyo na maunawaan kung bakit iniuutos sa atin ng Tagapagligtas na ibahagi ang Kanyang ebanghelyo?
- Bakit kaya nais ng Panginoon na ipahayag ang Kanyang ebanghelyo nang may malakas na tinig tulad ng "tunog ng pakakak"? (talata 2).

Doktrina at mga Tipan 34:1–7 (Orson Pratt)

- Ano ang ilang katotohanan mula sa mga talatang ito na makatutulong sa iyo na maunawaan kung bakit iniuutos sa atin ng Tagapagligtas na ibahagi ang Kanyang ebanghelyo?
- Sa iyong palagay, bakit tayo "lalong . . . pinagpala" (talata 5) dahil tinawag tayong ipangaral ang ebanghelyo ng Tagapagligtas kaysa paniwalaan lamang natin ito?

Doktrina at mga Tipan 35:1–3, 6–8, 12–13 (Sidney Rigdon)

- Ano ang ilang katotohanan mula sa mga talatang ito na makatutulong sa iyo na maunawaan kung bakit iniuutos sa atin ng Tagapagligtas na ibahagi ang Kanyang ebanghelyo?
- Sa iyong palagay, bakit tumatawag ang Panginoon ng "mangmang" at mga taong kulang sa karanasan upang ipahayag ang Kanyang ebanghelyo sa "mga bansa" ng mundo? (talata 13).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_151-1